# WELCOME

(Para sa leader: Subukang gumawa ng isang tanong na magagamit upang mas makilala ang mga kasama sa kaagapay. *Be creative, personal and specific.*)

# WORSHIP

Sa nagdaang taon, ano sa tingin mo ang pinakamalaking pagpapala na natanggap mo sa Panginoon. Ipagpasalamat ito.

# WORD

**Layunin:** *Pagkatapos ng araling ito, inaasahan ang bawat miyembro na…*

*Head (Know)*: Maunawaan ang ibig sabihin ng "katotohanan ng Diyos" at ang implikasyon nito sa katangian ng Salita ng Diyos.

*Heart (Be):* Mapahalagahan ang *role* ng Salita ng Diyos sa ating pamumuhay nang may kabanalan at hiwalay sa gawi ng mundong ito.

*Hand (Do)*: Gumawa ng isang "New Year's Resolution" ukol sa pagbabasa at pagbubulay ng Salita ng Diyos sa araw-araw.

### Panimula

1. Sa iyong palagay, marami bang mga tao sa ngayon ang naniniwala na katotohanan ang lahat ng itinuturo ng Salita ng Diyos? Bakit o bakit hindi?

<u>Tulay tungo sa Talakayan:</u> Lahat ng itinuturo ng Bibliya – tungkol sa Diyos, sa kanyang plano, pangako, mga utos, at kapahayagan kay Cristo – ay totoo. Ito ay dahil **ang Diyos natin ay Diyos ng katotohanan**. Dahil dito makasisigurado tayo na hindi tayo maililigaw ng Salita ng Diyos at masasandigan natin ito upang ituro sa atin ang mga katotohanang dapat malaman natin sa buhay.

### Talakayan

2. Basahin ang Juan 17:17. Kung ang salita ng Diyos ay katotohanan, nangangahulugan itong ang Diyos mismo ay katotohanan. Ano ang kahulugan ng "katotohanan"?

3. Ano ang malaking pagkakaiba ng Diyos sa mga tao at kay Satanas patungkol sa katotohanan (John 8:44)?

4. Ang ipinapahayag ng Diyos tungkol sa kanyang sarili ay katotohanan. Ano ang kahulugan nang sabihin ni Cristo na siya ang "katotohanan" (Juan 14:6; 1:14).

5. Paano mo patutunayan na ang Bibliya ay Salita ng Diyos na nagtuturo ng katotohanan at di maaaring magkamali (2 Tim. 3:16; Awit 119:160; Kawikaan 30:5)?

6. Sa Juan 17:17 ulit, ano ang dalangin ni Jesus sa Ama para sa mga alagad? Ano ang ibig sabihin ng "italaga mo sila" ("sanctify them")?

7. Paano maisasakatuparan ang dalanging ito ni Jesus ("sa pamamagitan ng katotohanan")?

8. Anu-ano ang mga bagay na maaari nating gawin bilang mga mananampalataya (mga magulang, tagapagturo, etc.) upang manatili tayo sa katotohanan ng Salita ng Diyos?

### Pagsasabuhay

9. Kumusta ang inyong disiplina sa personal na pagbabasa, pagbubulay at pag-aaral ng Salita ng Diyos? Gumawa ng isang "New Year's Resolution" ukol dito at hingin ang tulong ng Diyos na maisagawa ito.

**Memory Verse of the Week:**

[Si Jesus sa Ama] *Italaga mo sila sa pamamagitan ng katotohanan; ang salita mo ang katotohanan* (Juan 17:17).

# WORKS

Magkaroon ng maikling pagpaplano sa Kaagapay tungkol sa nais matamo sa taong 2009. Anu-ano ang mga bagay na nais ng Diyos na mangyari sa ating Kaagapay?